Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**Bayan ng Santa Cruz**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA, NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NUONG IKA-16 NG SETYEMBRE, 1998, MIYERKOLES, SA GANAP NA IKA-9:00 NG UMAGA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. HEIDI S. CIRIACO | PANG. PUNONG BAYAN TAGAPANGULO |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Ariel T. Magcalas | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villasenor | Kagawad |

DI-DUMALO:
W A L A

## KAPASIYAHAN BLG. 119-T'98

KAPASIYAHANG NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA KGG. PUNONG BAYAN DOMINGO G. PANGANIBAN NA KATAWANIN ANG PAMAHALAANG BAYAN SA PAKIKIPAGKASUNDO SA PET PLANS HINGGIL SA TERMINAL LEAVE BENEFITS NG MGA KAWANI NG PAMAHALAANG BAYAN.

SAPAGKA'T, pinahalagahan ang pagbibigay ng kapangyarihan sa Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na pumasok sa pakikipagkasundo sa Pet Plans tungkol sa Terminal Leave Benefits ng mga kawani ng Pamahalaang Bayan para sa legalidad at maayos na pagsasagawa ng nasabing kasunduan;

SAPAGKA'T, ang nabanggit na benepisyo ay pinahihintulutan, ayon sa isinasaad sa Seksyon 447 ng Batas-Republika Blg. 7160;

SAPAGKA'T, ang paglalaan ng nasabing benepisyo ay nakapaloob sa Taunang Badyet (1998) ng Pamahalaang Bayan na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 269-T'97-Kautusang Bayan Blg. 1-T'97 ng Sangguniang Bayan.

KUNG KAYA,T DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, at sa buong pagkakaisa at pagsang-ayon ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na nagbibigay ng kapangyarihan sa Kgg. Punong Bayan Domingo G. Panganiban na katawanin ang Pamahalaang Bayan sa pakikipagkasundo sa Pet Plans hinggil sa Terminal Leave Benefits ng mga kawani ng Pamahalaang Bayan.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Legal Officer, lahat sa bayang ito para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY: ___
DATE ___
STA. CRUZ, LAGUNA